# **LABANAN ANG ANTIMICROBIAL RESISTANCE** SA PAMAMAGITAN NG PAGKONTROL SA HAWAAN



Nangyayari ang **antimicrobial resistance** kapag nagkaroon ng kakayahan ang mga mikrobyo gaya ng mga bacteria at fungi na labanan ang mga gamot na idinisenyo para patayin ang mga ito. Ibig sabihin, hindi namamatay ang mga mikrobyo at patuloy na dumarami at kumakalat ang mga ito.

## Bilang isang frontline healthcare worker, mahalaga ang papel mo sa paglaban sa antimicrobial resistance.

**Kapag gumagawa ka ng mga hakbang para makontrol ang hawaan, mapipigilan mo ang mga resistant na mikrobyo na:**

- **Pumasok sa katawan** para magdulot ng mga impeksyon sa pamamagitan ng mga procedure at medikal na device
- **Maikalat sa mga tao** mula sa mga surface gaya ng mga bedrail o mga kamay ng mga healthcare worker
- **Madala ng mga pasyente** kapag inililipat sila ng pasilidad
- **Maikalat sa komunidad,** na mas magpapahirap sa pagkontrol sa mga ito

## Sa pagkontrol sa hawaan, nalalabanan ang resistance sa pamamagitan ng:

- Pagpigil sa mga bagong impeksyong may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan
- Paghinto sa pagkalat ng mga resistant na mikrobyo
- Pagpapababa sa pangangailangan sa mga antibiotic o antifungal

Pinoprotektahan ka rin ng pagkontrol sa hawaan laban sa mga sakit, at pinapababa nito ang panganib na maikalat ang mga mikrobyo sa mga pasyente.

**Tingnan ang mga resouce ng Project Firstline para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano mo poprotektahan ang iyong mga pasyente, ang iyong sarili, at ang iyong komunidad laban sa antimicrobial resistance.**

**www.cdc.gov/ProjectFirstline**

**KAYA NATING IHINTO ANG MGA RESISTANT NA IMPEKSYON. TULONG-TULONG**

PROJECT FIRSTLINE
CDC's National Training Collaborative for Healthcare Infection Prevention & Control